UNITED STATES
COMMONWEALTH OF THE NORTHERN MARIANA ISLANDS
**COUNCIL on DEVELOPMENTAL DISABILITIES**
Developmental Disabilities Basic State Grant Program
Bldg. No. 1312, Capitol Hill • P.O. Box 502565, Saipan, MP 96950-2565
Tel.: (670) 664-7000 • Fax: (670) 664-7030 • Email: info@cnmicdd.gov.mp
Website: https://cnmicdd.gov.mp

## Ang CNMI Konseho sa Mga May Kapansanan sa Pag-unlad
## 20 22 - 2026 Limang Taon na Plano ng Estado Layunin at Mithiin

Ang bawat Konseho ng Mga Kapansanan sa Pag-unlad ng Estado (DD Council) ay kinakailangan magsumite ng isang 5 Taon na Plano ng Estado sa Pangangasiwa sa Mga Kapansanan sa Pang-intelektwal at Pag-unlad na Ahensya (AIDD) na nagbabalangkas sa hinahangad na paggamit ng pederal na pag pondo na inilaan para sa pangunahing pagpapatakbo ng kaloob. Ang mga Plano ng Estado ay nakatuon sa pagpapabuti ng kalidad ng buhay para sa mga taong may kapansanan sa pag-unlad sa pamamagitan ng buong pagsasama at pakikilahok sa lahat ng aspeto ng buhay sa pamayanan. Inaasahan ng pamahalaang pederal na makilala ng mga Kapulungan sa Mga May Kapansanan sa Pag-unlad (DD Council) ang mga layunin na maaaring makamit sa loob ng limang taon gamit ang mga magagamit na mapagkukunan. Inaatasan ng batas na Pederal na ang Plano ng Estado ay tugunan ang ilan o lahat ng mga Lugar ng Pagbibigay diin na itinatag ng Kongreso sa Tulong sa Kapansanan sa Pag-unlad (Developmental Disability Assistance) at Panukalang batas ng mga Karapatang Aksyon (Bill of Rights Act) of 2000 (DD Act).

### Layunin 1- Pansariling Adbokasiya: Pamumuno at Adbokasiya

Sa pagsapit ng taong 2026, ang mga taong may kapansanan sa pag-unlad at ang kanilang mga pamilya ay magkakaroon ng mga pagkakataon sa pagpapaunlad ng pamumuno at o pagsasanay upang mapataas ang kanilang mga kasanayan sa adbokasiya upang mapabuti ang kanilang kalidad ng buhay.

**Nilalayon 1.1** Taun-taon, susuportahan ng DD Network ang mga indibidwal na may mga kapansanan sa pag-unlad upang matutunan ang mga kasanayan at kasangkapan na kinakailangan upang mas maging determinado sa sarili.

**Nilalayon 1.2** Taun-taon, ang CNMI ay magkakaroon ng dagdag na bilang ng mga tagapag sanay na magtataguyod sa sarili upang mabigyan nila ang iba pang mga tagapagtaguyod ng sarili ng mga pagkakataong matuto at makisali sa personal, pagtutulungan, at pamumuno ng sibiko.

**Nilalayon 1.3** Taun-taon, dadagdagan ng CNMI ang bilang ng mga taong nagtataguyod sa sarili na aktibo sa pampublikong patakaran, adbokasiya, mga anyo ng kapansanan (cross-disability) at mga aktibidad sa pamumuno sa magkakaibang kultura.

**Layunin 2 PAGPAPABUTI NG SERBISYONG KOMUNIDAD**

Sa pagsapit ng taong 2026, palalakasin ng Konseho ang mga komunidad sa CNMI upang suportahan ang mga taong may kapansanan sa intelektwal/kaunlaran.

**Nilalayon 2.1** Trabaho Sa Taong 2024, makikipag tulungan ang mga Kasosyo sa Network ng Kapansanan (Disability Network Partners) upang turuan ang mga komunidad, sanayin ang mga may-ari ng negosyo (employer), at magsulat ng isang patakaran ng estado upang lumikha ng higit pang mga pagkakataon sa trabaho para sa mga naghahanap ng trabaho na may mga kapansanan sa pag-unlad sa CNMI.

**Nilalayon 2.2** Transisyon / Pagbabagong Kalagayan Sa Taong 2024, makipagtulungan sa CNMI Transition Coalition, ang CNMI Disability Network Partners at iba pa upang bumuo o
pagbutihin ang hindi bababa sa isang kasanayan at isang patakaran na nilalayon upang mapabuti ang mga resulta ng paglipat para sa mga mag-aaral na may mga kapansanan sa intelektwal at pag-unlad mula sa mataas na paaralan hanggang sa edukasyon/pagsasanay pagkatapos ng sekondarya.

**Nilalayon 2.3** PROGRAMANG TULONG SA TEKNOLOHIYA - KAPASIDAD NG PAGBUO: Sa pagsapit ng taong 2026, ang mga taong may kapansanan sa pag-unlad at kanilang mga pamilya ay magkakaroon ng mas mataas na pagkakataon sa pantulong sa teknolohiya sa pamamagitan ng pagbuo ng kapasidad ng CNMI Assistive Technology Program na direktang magpapa husay sa kanilang pag gabay sa edukasyon, trabaho, pabahay, transportasyon at pangangalagang pangkalusugan ng CNMI.

**Nilalayon 2.4** Sa pagsapit ng taong 2026, makipag tulungan sa Disability Network Partners (DNP)Mga Kasosyo sa Network ng Kapansanan at mga ahensya ng gobyerno upang magplano at bumuo ng mga estratehiya para sa pagtatatag ng isang sentral na lalagyan/imbakan para sa pabahay ng data na may kaugnayan sa kapansanan.

**Nilalayon 2.5** Asintahin Ang Pagkakaiba Sa Taong 2026, Ang mga pamilyang Asyano at mga taong may kapansanan sa pag-unlad sa CNMI ay magkakaroon ng higit pang impormasyon tungkol sa pormal at impormal na suporta at mga serbisyo upang makakuha sila ng mga serbisyo at suporta na nakakatulong sa kanilang mga indibidwal na pangangailangan at kagustuhan sa paraang naaangkop sa kultura.

**Mga Iminungkahing Pagbabago na ipinapakita sa ibaba:**

**Nilalayon 2.6** Pagsapit ng 2024, makikipag tulungan ang CNMI sa hindi bababa sa dalawang kasosyo upang madagdagan ang bilang ng mga tagapag-alaga ng kaunting ginhawa ( respite) sa mga indibidwal na may mga kapansanan sa pag-unlad at mga o mga taong may mahinang medikal na kalagayan at ang kanilang mga pamilyang naninirahan sa CNMI.

**Nilalayon 2.7** Lumalabas Na Mga Suliranin: Taun-taon, tutuklasin ng Konseho ang mga lumalabas/umuusbong na suliranin/isyu na nakakaapekto sa Mga Tao na may mga Kapansanan sa Intelektwal at Pag-unlad at kanilang mga pamilya at gagawa ng naaangkop na aksyon, kung kinakailangan.

**Nilalayon 2.8** Sa pagsapit ng taong 2023, itataas ng CNMI ang bilang ng CNMI First Responders na lumahok sa pagsasanay sa kaalaman sa kapansanan na nakatuon sa mga pangangailangan ng mga taong may kapansanan at kanilang mga pamilya sa panahon ng mga hindi inaasahang pangyayari/emerhensiya at natural na sakuna.

**Ang Inyong Input ay Nangangailangan sa Panahon ng Pampublikong Plano ng Estado ng Konseho**
**Pagdinig:**

**TINIAN**

| **Petsa/Araw** | **Lugar** | **Oras** |
|---|---|---|
| Hunyo 08, 2022 | DYS Youth Center | 9:00 ng umaga |

**ROTA**

| **Petsa/Araw** | **Lugar** | **Oras** |
|---|---|---|
| Hunyo 09, 2022 | Rota Mayor’s Office | 10:00 umaga- 3:00 ng hapon |

**SAIPAN**

| **Petsa/Araw** | **Lugar** | **Oras** |
|---|---|---|
| Hunyo 16, 2022 | Northern Marianas College Building K - K1 & K2 | 4:30 ng hapon- 3:00 ng hapon |
| Hunyo 17, 2022 | Center for Living Independently (CLI) Building #1366, umaga Capitol Hill | 9:30 ng umaga-11:00 ng |

**Makatwirang Akomodasyon:**

Para sa makatwirang akomodasyon (hal., braille, audio format, large print atbp.) mangyaring tumawag sa opisina ng CNMI Council on Developmental Disabilities nang hindi bababa sa limang (5) araw bago ang kaganapan sa 664-7000/3/5 o mag-email sa:info@cnmicdd.gov.mp

Ang iba pang makakatulong na mga ayos (format) ng dokumento ay magagamit kapag hiniling.

Ang pampublikong pagsusuri/pagrepaso sa Mga Iminungkahing Pagbabago sa Limang Taon na Estado ng Konseho ay inaatas ng batas at tinutulungan kaming mapabuti ang plano. Ang panahon ng pampublikong pagsusuri ay nagbibigay ng 45-araw na palugit ng pagkakataon para sa mga residente ng CNMI na suriin ang mga iminungkahing pagbabago sa Mga Layunin at Layunin, at ibahagi ang kanilang mga komento upang makagawa tayo ng mga pagpapabuti.

Ang iminungkahing pag-amyenda ng Limang Taon na Plano ng Estado ay makukuha sa opisina ng CNMI Council on Developmental Disabilities, gusali #1310, Anatahan Dr., Capitol Hill o maaaring makipag-ugnayan sa aming opisina sa (670) 664-7000/3/5.

Mangyaring magsumite ng mga nakasulat na komento sa pamamagitan ng email sa info@cnmicdd.gov.mp. Para sa bawat komento, mangyaring sumangguni sa numero ng layunin at numero ng mithiin.

Haba ng Panahon ng komento:
Hunyo 2, 2022 – Hulyo 16, 2022
Dapat matanggap ang mga komento sa pamamagitan ng email bago ang 4:30 p.m. CHST sa Hulyo 16, 2022.

Salamat sa iyong input!